ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 43 Marso 4-10, 2019 • P10.00

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Office of Entry: Bacoor City, Cavite
Entered as 1st Class

LOTS FOR SALE
along ZAPOTE-ALABANG RD.
22 hectares @ 60,000/ sqm.
DAANG HARI
23 hectares @ 45,000/sqm
NEGOTIABLE
Contact: KA INDO
0997-9088638 (Globe)
0918-6174067 (Smart)
Tel. No.: (046) 434-6167

# BINATA, 'NAGSARILI' SA HARAPAN NG GRADE 8 STUDENT?

pahina 2

SOUTH STAR PRINT CENTER
Accepts the following Election Paraphernalias:
Pamaypay * Sombrero *
Stickers * Flyers *
Pocket Calendars *
T-Shirt Printing * Sample Ballots
Please call: (046) 434-6167
Cell. Nos.: 0997-908-8638
0918-6174067
email: southstarprintcenter@yahoo.com

## "PAGKATIWALAAN ANG GOBYERNO SA PAGPAPATUPAD NG RA 11203" – PIÑOL


p. 4

## PGC CONDUCTS ORIENTATION ON E-CLIP

pahina 5

## PH chess wizard Jerome Adrian Aragones wagi STACAA Chess Tournament sa tie break

pahina 6



ANG PASASALAMAT NI CLAUDINE BARRETTO

p. 8

## DOH ADMINISTERS MEASLES, POLIO VACCINES IN TAGAYTAY MALL

pahina 9

## CAVITE SEEKS EXEMPTION OF MEASLES FUND FROM POLL BAN

pahina 11

## AMADEO CELEBRATES 18TH PAHIMIS COFFEE FESTIVAL

pahina 7

## CALL CENTER AGENT, ARESTADO

pahina 12

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# BINATA, 'NAGSARILI' SA HARAPAN NG GRADE 8 STUDENT?

**ARESTADO ang isang 22-anyos na dum truck helper matapos na naglabas ng ari at nagparaos sa harapan ng isang estudyante sa Trece Martires City, Cavite.**

Nakakulong sa Trece Martires City Custodial Center ang suspek na si Bryan Benosa, ng Purok 2, Brgy. Conchu, Trece Martires City.

Inireklamo ang suspek ng 18-anyos na itinago sa pangalang Angel, Grade 8 student, at ng Trece Martires City.

Sa relamo ni Angel kay PO1 John Gregory Bago, ng Trece Martires City Police Station, nagtungo umano siya at ilang kaibigan sa Mayang falls sa Purok 4 Brgy. Conchu, upang maligo dakong alas-8:00 ng gabi.

Gayunman, dahil umano ilan lang ang tao sa lugar, kabilang ang grupo ng suspek ay nagdesisyon ang magkakaibigan na umuwi na lamang.

Sa pag-uwi nila ay sinundan umano ng suspek ang biktima at di-kalayuan sa lugar ay naglabas umano ng ari at nagparaos sa kanyang harapan.

Gayunaman ay itinanggi ni Benosa ang reklamo sa kanya at sinabing natutulog sila sa lugar. **GENE ADSUARA**

# Pensiyonadong Hapon, natagpuang patay

**NAGSASAGAWA** ng imbestigasyon ang Cavite Police sa pagkamatay ng isang Japanese national na natagpuan sa loob ng inuupahang bahay sa Ternate, Cavite.

Hinihinalang may ilang oras ng patay nang natagpuan ang bangkay ni Mizuta Kengco, 78, nanunuluyan sa J.P. Ramos St., Brgy Poblacion 3, Ternate.

Sa ulat ni SPO1 Alfredo dela Cruz, Jr., ng Ternate Municipal Police Station, dakong 8:20 Lunes ng umaga nang natagpaun ang bangkay ng biktima sa loob ng inuupahang bahay ng isang kaibigan nitong si Enrico Velasco, 57, karpintero, at ng Poblacion 3.

Ayon kay Velasco, pinuntahan nito ang biktima dahil hindi niya napapansin ng ilang araw subalit pagdating doon ay natagpuang nakahiga sa kama ang Hapon na wala nang buhay.

Wala namang nakitang anumang sugat o palatandaan na sinaktan o pinahirapan kaya naniniwala ang pulisya na walang naganap na foul play sa pagkamatay nito, bagama't nagsasagawa pa rin ng imbestigasyon.

Ayon kay Dela Cruz, ang biktima ay isa umanong pensiondo at may 11 taon na itong naninirahan sa Ternate, na piniling manirahan sa Pilipinas kasama ang iba pang tumatanggap ng kanilang pensiyon. **GENE ADSUARA**

# Mag-utol, kasama 'swak sa kulungan

**SWAK** sa kulungan ang magkapatid at kasama nila nang naaktuhan habang bumabatak ng hinihinalang shabu sa kanilang bahay sa Bgry. Bulihan, Silang, Cavite.

Nakakulong sa Silang Custodial Center ang mga suspek na sina Jefren Dollete, 26, binate, kapatid nito na si Marlon , 23, at Dovey Madiza, binata, 45, na pawang mga tricycle driver at residente ng Block 145 Lot 2 AFP Housing, na nasabing barangay.

Sa ulat ni SPO2 Glen Soriano, ng Silang Municipal Police Station, nasagawa ng operasyon ang mga pulis sa isang bahay sa AFP Housing matapos na nakatangap ng tawag sa isang concerned citizen dakong alas-11:50 Linggo ng umaga na umano'y isang grupo ang nagsasagawa ng pot session.

Dito naaktuhan ang tatlo na bumabatak ng hinihinalang shabu.

Narekober ang 2 sachet ng shabu, aluminum foil at shabu paraphernalia na ginagamit ng mga suspek.

Kasong paglabag sa Sec 11, 12 1t 13 ng RA 9165 ang isinampa laban sa magkapatid at kasama nila. **GENE ADSUARA**

# 2 'Tirador' ng motorsiklo, tiklo

**ARESTADO** ang dalawang lalaki, isa rito ay kilalang notoryus na robbery snatcher at rapist, na tumangay ng motorsiklo sa magkahiwalay na insidente sa Cavite.

Kasong carnapping ang isinampa laban sa mga naarestong suspek na sina Raymond Maraon, alias "Dodong"19, at ng Block 5 Lot 25, Kapatiran Village, Brgy Pasong Buwaya 2, Imus City; at Christoper Lachica, alias Kuya "Peng", 28, binate, at ng 02 Sambapa Association Latero Green Valley, Brgy. San Nicolas 2, Bacoor City.

Batay ito sa reklamo nina Rodolfo Opana, 48, may-asawa, at ng 287 Bagay St., Villa Verde Subd., Brgy. Pasong Buaya 2; at Warren Saib, 30, at ng UMC Green Valley, Brgy. San Nicolas-3, Bacoor City

Sa reklamo ni Opana kay SPO2 Elmer Pardilla, ng Imus City Police Station, dakong alas-4:00 ng hapon nang iparada ng kanyang anak na si Carlos ang kulay pulang TMX na motorsklo (WM-3762) sa Brgy. Espeleta 2, Imus City.

Gayunman, pagbalik niya dakong alas-5:00 ng hapon ay wala na ang motorsiklo kung saan niya ipinarada.

Nakipag-ugnayan ang mga-ama sa barangay officials na nakakasakop sa lugar kung saan nang pinanood ang CCTV sa barangay ay nakilala ang suspek na siyang tumangay ng motorsiklo kaya nagsagawa ng

follow up operations ang pulisya na nagresulta sa pagkakaaresto ng suspek.

Sa records ng pulisya, si Maraon ay sangkot sa serye ng robbery snatching, akyat-bahay at rape na nangyari sa Bacoor City.

Sa reklamo naman ni Saib kay PO3 Edison Fetalcurin, ng Bacoor City Police Station, dakong 12:30 ng tanghali nang iparada nito ang kanyang kulay silver at black na RS 125 na motorsklong Honda sa North Ville, Green Valley, Brgy. San Nicolas 3 para magpagupit sa barber shop sa lugar.

Pagbalik ni Saib ay wala na ang kanyang motorsiklo kaya ipinagbigay alam sa Bacoor City Mobile Patrol at barangay tanod kung saan sa kanilang pagresponde ay nakita ang suspek na hila-hila ang motorsiklo.

Nang naramdaman na siya ang target ay mabilis itong tumakbo at iniwan ang motorsiklo subalit hinabol siya ni Allan Kawilan, 46, tanod ng Brgy. San Nicolas 3, na nageresulta sa kanyang pagkakaaresto. **GENE ADSUARA**

# Ospital ng Makati nagkamit ng int'l certification para sa frontline services

LUNGSOD MAKATI (PIA) — Pinuri ni Makati Mayor Abby Binay ang Ospital ng Makati (Osmak) matapos pumasa ang mga frontline service at mga proseso nito sa mahigpit na international standards.

Natanggap kamakailan ng OsMak ang ISO 9001:2015 Certification for Quality Management System matapos pumasa sa certification audit na isinagawa ng certification body na International Organization for Standardization (ISO).

Binati ng alkalde ang management at mga kawani ng OsMak sa muling pagtatagumpay nitong makamit ang panibagong ISO certification, na aniya'y nagpapatunay na kahit isa lamang itong maliit na ospital ng lokal na pamahalaan, nakakapantay ang mga proseso at pasilidad nito sa pandaigdigang pamantayan.

Pahayag pa ni Mayor Abby, ikinagagalak niyang ibahagi ang bagong tagumpay na ito sa mga residente ng Makati na tinagurian niyang Makatizen,. Tiniyak niyang patuloy na itataguyod ng kanyang pamunuan ang mataas na kalidad ng serbisyo at propesyunalismo sa Ospital ng Makati na maihahalintulad sa mga pribadong ospital, na siyang nararapat na ibigay sa kanila.

Ito rin aniya ang pangarap ng kanyang ama na si dating Vice President Jejomar Binay noong 1988 nang kanyang simulang baguhin at paghusayin ang public health services ng lungsod at pinursigi na gawing libre ito para sa mga residente ng Makati.

Sa ngayon, ipinagpapatuloy ng pamahalaang lungsod sa pamumuno ni Mayor Abby ang mga pagsisikap na makapaghatid ng mas mahusay na serbisyong pangkalusugan, tulad ng modernisasyon ng kagamitan ng ospital, at pagdagdag ng specialized services at pagsasanay sa mga doktor dito.

Ayon kay Dr. Vergel Binay, medical director ng OsMak, isinagawa ang 2019 audit ng ISO mula February 5 hanggang 8 sa maraming areas, kabilang ang patient admissions mula sa ER hanggang sa pag-discharge ng in-patient customers. Sinuri din ang Laboratory at Radiology services, pati na ang pagbibigay ng mga gamot sa in-house pharmacy at ang consultation process para sa out-patient sa ilalim ng Ambulatory Care Medicine Department. Naisama rin sa naturang assessment ang support services na may kaugnayan sa core processes ng ospital.

Natanggap ng OsMak ang unang ISO certification for Quality Management System nito noong 2008, at mula noon ay nagagawaran ng ISO re-certification kada tatlong taon hanggang 2015. Bukod dito, nagsasagawa rin ang ISO ng taunang surveillance audit sa OsMak upang matiyak na patuloy nitong naihahatid ang mataas na kalidad ng serbisyo.

Ang ISO 9001 ay nakabase sa "plan-do-check-act" methodology at gumagamit ng process-oriented approach sa pagtatala at pagrerepaso ng structure, responsibilities at procedures na kinakailangan upang maipatupad ang effective quality management sa isang organisasyon.

Ang mga organisasyon, kabilang ang mga pampublikong pasilidad tulad ng OsMak, ay gumagamit ng ISO standard upang patunayan ang kanilang kakayahang makapagbigay ng mga produkto at serbisyo na tumutugon sa mga pangangailangan ng kostumer at sa mga regulatory requirements. Ang ISO ay isang international agency na binubuo ng national standards bodies ng mahigit sa 160 bansa. Ang pinakabagong version ng ISO 9001 ay nirelease noong September 2015.

Bukod sa ISO certification, nabigyan din ng accredited ang OsMak bilang Center of Excellence noong 2012, at naging kauna-unahang local government hospital na tumanggap ng pagkilalang ito matapos makamit ang 95 percent ng criteria na itinalaga ng PhilHealth.

Ang OsMak ay 300-bed training facility para sa health professionals. Accredited ito para sa mga residency programs kabilang ang Internal Medicine, Surgery, Pediatrics, Obstetrics and Gynecology, Emergency Medicine, Anaesthesia, Head and Neck Surgery, Pathology, Radiology, at Ophthalmology.

Noong July 2017, binuksan ng OsMak ang sariling Eye Center na may mga modernong kagamitan para sa paggamiot ng mga sakit sa mata, pati na ang operasyon sa mata. Mula nang ito ay buksan, nasa 100 pasyente kada araw ang natitignan ng Eye Center.

Noong October 2018, natanggap naman ng OsMak ang White Orchid Award mula sa Department of Health para sa mga pagsisikap nitong maging "no smoking" facility. (PIA InfoComm)

# Lola, nakaladkad ng pampasaherong dyip

**DEAD** on the spot ang isang 65-anyos na lola nang magulungan ng isang pampasaherong jeepney habang tumatawid sa Bacoor City, Cavite.

Isinugod pa sa Philippine General Hospital ang biktimang si Janita Jimenez, ng 17A Marianos Apartment, Sapang Bakaw St., LawangBato, Valenzuela City subalit namatay din habang ginagamot.

Sumuko naman ang driver ng pampasaherong jeepney na si Cesar Ramirez, 50, at ng 55 Kalugdan Compound, Brgy. Ligas 3, Bacoor City.

Sa ulat ni PO3 Francis Mark Cortez, ng Bacoor City Police Station, minamaneho ni Ramirez ang kanyang pampasaherong jeepney habang binabagtas ang kahabaan ng Molino Road patungo sa direksiyon ng Zapote dakong alas-5:00 ng umaga nang pagsapit sa Brgy. Molino 3 ay tumawid ang biktima at nabangga nito.

Pumailalim pa ang biktima sa jeepney pero hindi tumigil ang driver at iniwan ang biktima sa kalsada sa takot na kuyugin siya ng taumbayan, bagkus sumuko siya sa presinto. **GENE ADSUARA**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Mas ligtas sa loob ng piitan

ANG mga preso sa Mandaue City Jail ay sobrang nababahala sa kanilang seguridad.

May isyu o usapin kasi sa naturang lugar kaugnay ng mga sinasabing pagpatay sa mga taong nasasangkot sa illegal drugs.

Akalain mong mayroong request ang mga bilanggo kay Mandaue City Jail Warden, Jail Supt. Jessie Calumpang.

Ang hiling ng mga preso sa nasabing piitan ay huwag na raw muna silang payagang makadalo sa pagdinig ng kaso nila.

Maging ang mga bilanggo na kahit may piyansa naman ay mas pinipiling sa kulungan na lamang manatili.

Ayaw magpiyansa para sa kanilang pansamantalang kalayaan dahil naniniwalang mas ligtas sila sa loob ng kulungan kumpara sa labas.

Pero siyempre kapag may court order ay kailangan at obligado ang mga preso na humarap sa hukuman.

Iyon nga lamang ay request din ng mga preso na pagsuotin sila ng mga bullet proof vest kapag ibinibiyahe sa korte at pabalik ng piitan.

Sinusulat ko ito ay may pakikipag-ugnayan na ang pamunuan ng piitan sa Philippine National Police hinggil sa kahilingan ng mga preso.

Sana nga ay maipagkaloob ang karagdagang seguridad sa mga inmate.

Iba talaga basta usaping droga, sinasabing kapag pasok ka sa sindikatong ito ay buhay ang kapalit.

Kung ganito katindi ang takot ng mga nasabing preso ay posibleng may kaugnayan sa pera ang dahilan kung bakit pinagtatangkaan ang kanilang buhay.

Maaaring malaking halaga ang kanilang 'nasunog' o hindi naibigay at naibayad sa sindikato, ano po sa palagay ninyo?

Puwede ring kaya nais silang iligpit o patayin ay dahil marami na ang kanilang nalalaman sa sindikato.

Kung ganito ang mga dahilan, siguro ay maaaring gawin ng sindikato ay sa mismong loob ng piitan ipapatay sila.

O baka naman sa mga pelikula lamang nangyayari ang ganitong senaryo.

Siguro puwedeng mangyari kahit sa tunay kung ang mga naglilingkod sa piitan ay mga tiwali lalo na ang mismong namumuno.

Kunsabay sa pelikula rin ay may mga eksenang mas gusto nga ng isang preso na manatili na lamang sa loob ng piitan kaysa sa labas dahil mas ligtas daw doon.

Kapag ganito ang pananaw ng preso ay nangangahulugan na maganda ang pamamalakad ng isang kulungan.

Tama lang naman talaga na ang bawat preso ay kailangan ituring na isa ring tao.



**PGC DEEPENS ENVIRONMENTAL AWARENESS THRU THE LINGAP SA KALIKASAN PROGRAM:** The provincial government of Cavite thru the leadership of Governor Boying Remulla deepens environmental awareness by conducting Lingap sa Kalikasan Program at various cities and municipalities in the province. On February 26, 2019, Governor Jonvic Remulla, on behalf of his brother Governor Boying went to Barangay Kaingen in the municipality of Kawit to spread insightful realization on environmental concerns and issues. Governor Jonvic conveyed his message to the residents of Kawit and ensured his support to strengthen the crusade on environmental protection for the safety of the people. Vice Governor Jolo Revilla, Kawit Vice Mayor Arman Bernal, Councilor Jygs Gandia and some other guests including former Special Assistant to the President Bong Go and actor Philip Salvador were also present during the environmental drive who also brought pleasure to the locals. —**(PICAD)**

# EDITORYAL

## Tiis at pasensiya lang muna

**NANANATILI ang pangako ni Pangulong Rodrigo Duterte sa mga guro.**

**Tuloy ang pagsasakatuparan sa pangako sa mga guro na dagdag sahod.**

**Ang apela nga lamang ni Duterte ay maghintay lamang ng kaunti pang panahon ang mga guro.**

**Ang sabi kasi ng Pangulo ay wala pang budget para sa naturang pangako.**

**Naunang dinoble ng kasalukuyang pamahalaan ang suweldo ng mga pulis.**

**Dito ay tiniyak naman ni Duterte na ganoon din ang gagawin niya sa sahod ng mga public school teachers.**

**Tiis at pasensiya lang muna pero sana ay magkaroon ito ng katuparan.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian, Kawit, Cavite
Contact Nos. 0977-7844136/ 0929-8127638
Email: **ronejed@yahoo.com/**
**HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.*** papi

HANEP Basahin Mo Ito!

Marso 4-10, 2019

# "PAGKATIWALAAN ANG GOBYERNO SA PAGPAPATUPAD NG RA 11203" – PIÑOL

**LUNGSOD AGHAM NG MUÑOZ (PIA) — Ipinanawagan ni Agriculture Secretary Manny Piñol sa mga magsasaka na patuloy na pagkatiwalaan ang gobyerno sa pagpapatupad ng Batas Republika Bilang 11203 o ang Rice Trade Liberalization Law.**

Ito ang naging mensahe ng kalihim sa idinaos na konsultasyon ng ahensya sa pagitan ng mga magsasaka at mga stakeholders hinggil sa naging pagpasa ng naturang batas.

Layunin aniya ng konsultasyon na maalis ang pangamba ng lahat sa magiging epekto ng pagpasok ng maraming angkat na bigas mula sa ibang bansa.

Gayundin ay maisama ang mga suhestyon galing mismo sa sektor sa pagbalangkas ng Implementing Rules and Regulations nito.

Kabilang sa mga iminungkahi ng mga magsasaka mula sa mga rehiyon ng Ilocos, Cordillera, Cagayan Valley at Gitnang Luzon ay ang kahandaan ng gobyerno sa mga maaaring umusbong na pangangailangan ng mga magsasaka sa pakikipagkumpitensya sa mga angkat na produkto at pagtalima sa batas.

Ayon kay Piñol, siguradong aagapay ang gobyerno at gagawin ang makakaya upang tulungan ang sektor.

Nakapaloob aniya sa RA 11203 ang pagkakaroon ng Rice Competitiveness Enhancement Fund kung saan sampung bilyong piso ang ilalaan para sa farm mechanization, pautang, pamamahagi ng binhi, at mga kasanayan sa unang anim na taon na pagpapatupad ng batas.

Nasa kapangyarihan din ng Pangulo na baguhin ang mga ipapataw na taripa sa importasyon batay sa World Trade Organization Agreement on Agriculture.

Pahayag ng kalihim, mananatiling nakalinya sa kanilang programa ang pagpapaganda ng ani at pagpapalakas ng kita ng mga magsasaka, kahandaan sa kalamidad, at pagkakaroon ng masustansya at ligtas na kakaining bigas sa bansa.

Ang batas ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo R. Duterte noong Pebrero 14 na layuning magkaroon ng sapat na suplay o mapagkukunang bigas sa bansa, mapababa ang presyo nito sa kakayahan ng mamimili at magkaroon ng mas malawak na merkado ang mga magsasakang Pilipino hanggang sa ibang bansa.

Hiling naman ng ilang grupo ng mga magsasaka ay huwag apurahin ang pagpapatupad ng batas gayundin ay gumawa ng paraan upang tunay na maunawaan ng lahat ang bagong polisiya sa pagsasaka.

Ayon kay Federation of Free Farmers Cooperatives Inc. National Manager Raul Montemayor, hindi na mapipigilan ang pagpasok ng imported na bigas sa bansa ngunit patuloy sanang subaybayan ng gobyerno ang lahat ng mga pumapasok na produkto sa bansa kung saan galing at sino ang makikinabang.

Samantala, susunod namang pupulungin ng kagawaran upang hingang reaksyon at opinyon ang mga magsasaka sa natitirang bahagi ng Luzon, Visayas at Mindanao ngayong Pebrero 27 hanggang Marso 1. **(CLJD/CCN-PIA 3)**




2019 ORAL HEALTH MONTH CELEBRATION AT KARITON KLASRUM: The 2009 CNN Hero of the Year Mr. Efren Peñaflorida expressed his appreciation to Governor Boying Remulla for continuously supporting his advocacy to help the youth by choosing the Kariton Klasrum for the oral health month activities. On behalf of the Dynamic Teen Company and the Kariton Klasrum Program, Mr. Peñaflorida likewise thanked the dentists of the Provincial Health Office who celebrated with them on February 22, 2019, wherein seventy (70) students of the Kariton Klasrum Senior High School in Barangay Halang, Amadeo were provided free dental cleaning and extraction to improve their oral health. Meanwhile, on behalf of Provincial Health Officer Dr. Gilbert Ilog, Dental Department head Dr. Me-ann Montenegro also delivered a thank you message to the CNN Hero for the invitation and the opportunity to somehow help the youth pursue their dreams. (PICAD)

# Smokers in PH to decrease 17% with P60 tobacco tax hike

MANILA — Simulations jointly developed by the Departments of Finance (DOF) and Health (DOH) along with the World Health Organization (WHO) indicate that the proposal by Sen. Emmanuel Pacquiao to increase excise taxes on tobacco products to PHP60 per pack will bring down cigarette consumption by 16.8 percent and lead 3.2 million adults to quit smoking.

Pacquiao's measure — Senate Bill 1599 — is similar to the DOF-DOH proposal of increasing the excise tax on cigarettes, regardless of brand or price, to PHP60 per pack in the first year of implementation and an additional 9 percent per year thereafter, the DOF said in a statement on Monday.

Finance Undersecretary Karl Kendrick Chua said during a recent hearing of the Senate ways and means committee on the proposal that simulations show that the threshold in which the cigarette consumption would prove elastic is to tax it "above PHP73 per pack. This means that incremental revenue begins to fall if the excise tax rate is beyond PHP73 per pack."

But Pacquiao's proposal of PHP60 per pack would also be beneficial because it would prompt "the youth, the poor and other price-sensitive cigarette users to stop smoking," Chua said.

Health Secretary Francisco Duque III told senators evidence shows that the Sin Tax Reform Law of 2012, which raised taxes on alcohol and tobacco products, was effective in reducing smoking among Filipinos.

"The effects, however, have plateaued; making the Philippines the third highest among ASEAN countries in terms of smoking prevalence," Duque said during the same hearing by the committee chaired by Sen. Sonny Angara.

Duque said results of a simulation exercise developed jointly by the DOH, DOF and WHO estimates that the PHP60 per pack proposed tax rate will "avert approximately 713,000 deaths, and will result to 3.2 million quitters in adults."

"This rate will also bring down smoking prevalence to 16.8 percent and help reach our non-communicable disease target," Duque added.

On top of cigarettes, the DOF and DOH are also asking lawmakers to increase the excise taxes on alcohol and impose a unitary tax system on fermented liquors, which make up the bulk of consumption. *(DOF PR)*

# Makati fiscals junk raps vs. 3 lawyers in bar raid

MANILA — State prosecutors dismissed the obstruction of justice charges filed by policemen against three lawyers arrested for interfering with their operation during a follow-up raid on a bar in Makati City that was suspected to be a drug den.

In a resolution dated January 31 and released to the media on Thursday, Makati City Senior Assistant Prosecutor Romel S. Odronia recommended that the complaints against lawyers Lenie Rocel Elmido Rocha, Jan Vincent Sambrano Soliven, and Romulo Bernard Bustamante Alarkon for obstruction of justice and constructive possession of drugs be dismissed for lack of evidence.

Deputy City Prosecutor Henry M. Salazar approved the resolution.

The three were arrested during a follow-up operation by policemen on Times Bar at 7480 Makati Ave., in Barangay Poblacion on August 16, 2018.

The lawyers tried to enter the premises as a search of the premises was being conducted. The policemen claimed the lawyers took their own photographs using cellphones, which may have caused damage, alteration, or contamination of the evidence.

The three lawyers, police said, interfered with the performance of their duties by threatening and questioning the policemen's authority to conduct the search under a warrant issued by a Makati judge prompting policemen to arrest the lawyers.

Upon the completion of the search on the premises, the lawmen recovered 13 pieces of plastic sachets containing a white powdery substance.

The operation was conducted by operatives of the Makati City Station Drug Enforcement Unit, led by Insp. Jeson Vigilla.

The three lawyers reportedly, at first, refused to identify themselves as well as their client, Burton Joseph Server III, to policemen. Server was one of those named in the search warrant.

They were also repeatedly asked to step out of the police operation area but refused to do so.

Aside from Server, others named in the warrant were Rico Rene Blanco, Cynthia Primero, Ma. Amparo Marcalinas, Reyan Ladrillo, and Danilo Regino.

The warrant covered a search for ecstasy, party drugs, shabu, marijuana, cocaine and drug paraphernalia reportedly kept in two vaults inside the room of Regino at the second floor of the bar.

The raid at the bar yielded a number of drugs, among them 19 pieces of ecstasy (four tablets and 15 capsules) valued at PHP142,500, some 18 sachets of cocaine valued at PHP1.57 million, and a sachet of kush.

Prior to the follow-up operation, 31 employees of the bar, 57 foreigners, and 63 local guests were invited for questioning but were released later. *(PNA)*



Ang Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, sa ilalim ng liderato ni Mayor Lani Mercado Revilla ay patuloy sa pagbigay ng relief goods at financial assistance para sa mga nasunugan sa Tabing Dagat. Kasama sina SAP Bong Go at Congressman Strike B. Revilla.

# PGC CONDUCTS ORIENTATION ON E-CLIP

**IN order to capacitate local government units and national government agencies in the execution of the reintegration program and achieve reintegration success for former rebels in the community, the Provincial Government of Cavite (PGC) thru the collaborative efforts of Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and Department of Interior and Local Government (DILG) conducted an orientation on the Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) and Implementing Guidelines for the Provision of DILG- Administered Package Assistance. The orientation on February 27, 2019 was attended by municipal/city social welfare and development officers at the Ceremonial Hall of the provincial capitol in Trece Martires City.**

OIC-PSWDO Ms. Darylvy Avila acknowledged and warmly welcomed all the participants while Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica graced the event and delivered his message focusing on the significance of being prepared in providing social welfare services for rebel returnees and their involvement to attain a holistic peace in the province.

The orientation proper was led by Local Government Operation Officer II Mr. Ramon Nedic. He elaborated the contents of DILG-DND Joint Memorandum Circular No. 2018-01 focusing on the Implementing Guidelines for the Provision of DILG-Administered Package of Assistance for Former Rebels (FRs) and Militia ng Bayan (MB). The roles of DILG, Local Government Units (LGU), Department of National Defense (DND), Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP), E-CLIP Committee (ECC), Joint AFP-PNP Intelligence Committee (JAPIC) and the Provincial/Highly Urbanized City Peace and Order Council who are connected in the implementation of the program were discussed during the session. He also reiterated the proper handling of the program phases and process, the required documents and the mechanism for security and monitoring of the rebel returnees.

In the afternoon, the resource speaker presented a short overview of DILG Circular No. 2018-17: Implementing Guidelines and Procedures for the Disposition of Firearms, Explosives and Ammunition (FEA) of FR and MB and DILG MC 2018-105: Implementing Guidelines for the Construction of Halfway House for FR and MB. After the discussion, the participants were asked to prepare an action plan on E-CLIP for year 2019.

Ms. Precyl Ramos, Social Welfare Officer III, expressed her gratefulness to all the participants who took time despite their busy schedules. She also shared her thoughts about the implementation of E-CLIP program as she echoed the provincial government's commitment to be an instrument in the proper reintegration of FRs and MBs. — **(PICAD)**



# Calabarzon forms task force vs. NPA

CALAMBA CITY, Laguna – Calabarzon Regional Development Council (RDC) and Regional Peace and Order Council (RPOC) officials have approved a joint resolution creating the Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict.

The officials signed the resolution during their First Peace and Development Summit on Tuesday at the RDC conference hall at the National Economic and Development Authority (NEDA) IV-A building in Barangay Milagrosa here.

In a press conference, Calabarzon local chief executives, line agency regional directors, military and police top brass said the joint resolution aims to ensure effective and efficient implementation of Executive Order 70 signed by President Rodrigo Duterte.

EO 70 institutionalizes the "Whole-of-Nation Approach" in attaining inclusive and sustainable peace and creates a National Task Force to End Local Communist Armed Conflict.

Calabarzon is composed of the provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon.

The Presidential directive, signed last Dec. 4, has ordered the adoption of a National Peace Framework, which paves the way for the creation of the Calabarzon Regional Task Force to provide a more comprehensive orchestration of related peace efforts and initiatives through a convergence of national agencies and LGUs, military, police and various sectors of the civil society organizations.

In the Calabarzon, the task force is formed to address issues and concerns of Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (GIDAs) by creating clusters patterned after the National Task Force to focus on specific issues.

Batangas Gov. Hermilando Mandanas, chair of the RDC-Calabarzon, Cavite Gov. Jesus Crispin Remulla, chair of the RPOC-Calabarzon, the respective member-officials of the highest regional policy-making body, including Maj. Gen. Rhoderick Parayno, 2nd Infantry Division (2ID) commander and concurrent Joint Task Force Katagalugan head, and police officials signed the joint resolution.

The official signatories also led other participants in the signing of the Commitment Wall affirming their pledge of support to "the Regional Task Force Calabarzon that will spearhead and provide directions in the fulfillment of the regional peace framework."

Other signatories included National Security Adviser Secretary Hermogenes C. Esperon Jr. represented by National Security Council (NSC) Deputy Director General Maj. Gen. Damian L. Carlos; Secretary Jose Maria Nocomedes Hernandez, Presidential Adviser for Southern Tagalog; Maj. Gen. Gilbert L. Gapay, commander of the Southern Luzon Command (Solcom) Police Director Ericson T. Velasquez of the Directorate for Integrated Police Operations for Southern Luzon; and NEDA IV-A Regional Director Luis Banua.

The Calabarzon officials also vowed to participate in localized peace engagements and interventions that will bring inclusive and sustainable peace and address the root causes of insurgencies, internal disturbances, tensions and other armed conflict in identified areas.

Remulla said Cavite province is now insurgency-free, sharing his formula that there should not be an isolated area in the fast-growing and densely-populated province, as both national and local government services should reach the grassroots level.

"Kami sa Cavite, dapat walang naaping kapwa at kailangan napaglilingkuran ang mga mamayan (We, in Cavite, ensure no one is oppressed and local government services should be accessible to them)," Remulla told the media.

He also said there is no revolutionary tax or extortion by the New People's Army (NPA) as they no longer exist in Cavite.

Velasquez, meanwhile, confirmed that one root cause of insurgency is dissatisfaction in government services, noting that good governance should ensure that no one is left behind in the mandated services of the concerned government agencies.

He also cited finding the link on the necessary government intervention programs to ensure government agencies are in a convergence to address pressing issues besetting constituents.

Hernandez, on the other hand, said their Presidential Southern Tagalog office is monitoring issues and concerns affecting the region.

"Wala na silang (NPA) ideology at ang ginagawa na lamang nila sa affected areas ay (They no longer have ideology and what they are doing right now in the affected areas are) criminality, extortion and terrorism," Hernandez said. *(PNA)*



PAGDALAW at malasakit sa mga nasunugan sa Brgy. San Isidro, Paranaque City sa 70 pamilyang natupok ang kanilang bahay ang ipinadama ni Bong Go. Malaki ang pasasalamat ng mga residente sa tulong na ipinaabot sa kanila ni dating SAP Sec. Go. Hindi inasahan ng mga nasunugan ang pagbisita sa kanila ni Go. (JIMMY HAO)

# Campaign caravan ng HNP, dinumog sa Maynila

DUMAGSA ang mga taga suporta ng Hugpong ng Pagbabago ang kanilang campaign caravan na idinaos sa San Andres, Maynila kamakailan.

Dakong 4:00 ng hapon nang magsimula ang programa kung saan inilahad ng mga senatorial candidates ang kani-kanilang mga plataporma para sa umano'y pagbabago at pagunlad ng lungsod at ng Pilipinas.

Sinabi ni Manila Mayor Joseph Estrada, ang mga senatorial candidates na humarap sa entablado ng San Andres ang siyang makakatuwang niya upang maibalik ang pagiging Pearl of the Orient ng Maynila.

Dumating sa campaign caravan sina Senators Cynthia Villar, former senators Jinggoy Estrada, Bong Revilla, Imee Marcos, Francis Tolentino at Bong Go habang kumpleto naman ang line up ni Estrada sa local kabilang si Amado Bagatsing.

Bagamat marami na siyang nabago sa Maynila, sinabi ni Estrada na kulang pa ito upang tuluyang makamit ng lungsod ang drug free city at ang kalinisan nito.

Binigyan diin naman ni Davao City Mayor at HNP chairman Inday Sara Duterte na na patuloy silang naghahanap ng mga kaibigan sa iba't ibang panig ng bansa upang maging katuwang nila sa HNP at ipatupad ang pagbabagong hangad ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Apela ni Inday Sara na kailangan ang tulong ng lahat ng Pilipino upang makamit ang programa ni Pangulong Duterte ng tunay na pagbabago. (Leonard Basilio)




# PH chess wizard Jerome Adrian Aragones wagi STACAA Chess Tournament sa tie break

**SI PH chess wizard Jerome Adrian Aragones ng Bacoor City, Cavite ang itinanghal na Region IV- Calabarzon Champion sa katatapos na Southern Tagalog Calabarzon Athletic Association (STACAA) Chess Tournament- Elementary Division na ginanap sa Santa Rosa Sports Complex, Santa Rosa City, Laguna.**

Sina Aragones at Eowyn Jullado ng Tayabas, Quezon ay nagsalo sa first place na may tig 3.5/ 4 points subalit nakopo ni Aragones ang titulo dahil sa superior tie-break score.

Naka enrol sa Graceland Academy Inc sa Molino 4, Bacoor City, si Jerome Adrian ang first Gracean at first Bacoor City Resident na nag qualify sa Palarong Pambansa na gaganapin sa Davao City sa Abril 27 hanggang Mayo 4, 2019.

Napag tagumpayan nito ang invididual gold at team gold kasama si Gio Troy Ventura ng Dasmarinas City, Cavite.

Si Ventura na miyembro naman ng star studded Dasmarinas Chess Academy ni mayor Elpidio "Pidi" Barzaga Jr. ay tumapos ng fourth over-all na may 3.0 points, kaparehas ng iskor na naitala nina third place Wayne Ruiz ng Sta. Rosa City, Laguna at fifth place Zeus Alexis Paglinawan ng Rizal Province. **(Marlon Bernardino)**




**UAAP SEASON 81 JUNIORS CHAMPION –** WALANG mapagsidlan ng kagalakanang koponang National University Buldog Junior matapos nilang mapag tagumpayan ang kampeonato kontra sa Ateneo Blue Eagle sa kanilang huling paghaharap sa UAAP Season 81 Juniors basketball sa Fil Oil Flying V Centre San Juan. **(RGN)**

# PH chess wizard Alexandra Sydney Paez lalahok sa malakas na 2019 National Age- Group Chess Championships- Luzon Leg

**MATAPOS** magwagi sa katatapos na 1st Saint Anthony Development Chess Cup ay muling masisilayan si PH chess wizard Alexandra Sydney Paez, isang grade 9 student ng Colegio de San Juan de Letran Calamba sa 2019 National Age-Group Chess Championships- Luzon Leg na gaganapin sa Pacific Mall, Legazpi City mula Marso 8 hanggang 10, 2019.

Suportado ng Colegio de San Juan de Letran Calamba, Cabuyao City, Laguna mayor Rommel A. Gecolea at ng Jolly Smile Dental Clinic, ang Cabuyao City, Laguna native Paez ay makikipagtagisan ng isipan sa best woodpushers ng bansa.

Ang Top three (3) sa bawat category-boys at girls (U8,U10,U12, U14, U16, U18,U20) ay aabante sa Grand Finals. Ang Top three (3) sa bawat category sa Grand finals ay makakakuha ng tiket tungo sa 20th Asean Chess Age-Group Chess Championships sa Malanday, Myanmar mula Hunyo 9 hanggang 19, 2019.

"I will do my very best in the upcoming 2019 National Age- Group Chess Championships- Luzon Leg," sabi ni Alexandra Sydney na katambal si Trishia Ann Paez, isang grade 8 student ng Canossa School of Santa Rosa, Laguna tungo sa pagkopo sa titulo ng 1st Saint Anthony Development Chess Cup event Secondary Girls division na nasilayan ang paglahok ng 18 teams

Si Alexandra Sydney ay many -time champion sa Golden Mind Chess Tournament sa Lipa City, Batangas at nakisalo sa 2nd place sa 2018 National Age-Group Chess Championships -Under 14 - Girls (Visayas Leg) sa Kalibo, Aklan noong Enero 27, 2018. **(Marlon Bernardino)**



**BATANG PINOY -** MAKIKITA sa larawan sina PSC Chairman William Ramirez, ang tatlong PSC Commissioner na sila Ramon Fernandez, Arnold Agustin, Charles Maxey at ang dating Special Assistant to the President (SAP) Christopher "Bong" Go, sa kanyang pagdalo sa opening ceremony ng Batang Pinoy 2019 Visayas Leg Qualifying na ginanap kamakailan sa Iloilo Sports Complex. **(RGN)**



**KARERANG PINOY THE REVIVAL OF TRACK CYCLING -** INIHUDYAT ni Former Secretary General ng Philippine Cycling Armando Bautista sa tulong ng ABJR Events and Talent Management Services ang track cycling event ang pagsisimula ng pag padyak sa kategoryang kalalakihan sa distansiyang 1,600 meters na ginanap kamakailan sa Cavite State University (CAVSU) Track Oval, Indang, Cavite. **(RGN)**

# AMADEO CELEBRATES 18TH PAHIMIS COFFEE FESTIVAL

**Dubbed as the "Coffee Capital of the Philippines" since it launched the 1st coffee festival in the country in 2002, the local government of Amadeo celebrated the 18th PAHIMIS Coffee Festival on February 22-24, 2019 - a thanksgiving tradition for the abundance of coffee, their prime agricultural crop that fuels growth of the town up to now.**

A traditional ceremonial toast that marks the opening program of PAHIMIS 2019 was led by Amadeo Mayor Conrado Viado along with guests from the Department of Tourism, the Philippine Coffee Board,Inc. and the Office of the Provincial Governor. In his welcome message, Mayor Viado expressed gratefulness to Senator Cynthia Villar, Congressman Jon-Jon Ferrer and Governor Boying Remulla for their all-out support that made the event possible. More importantly, the mayor did not forget the coffee farmers who truly deserve all the recognition for their contribution to Amadeo's history and culture through a simple awarding rite to further acknowledge their heroism. Outstanding coffee farmers were given plaques of recognition to keep their passion for coffee production burning.

On the other hand, DOT Region IV-A OIC Regional Director Marites Castro challenged the province to institutionalize PAHIMIS in order to officially include the coffee



festival celebration as one of the annual events in the national tourism calendar. Director Castro urged for the assistance from the Provincial Tourism and Cultural Affairs Office headed by OIC Rozelle Sangalang concerning the institutionalization journey.

Meanwhile, Municipal Tourism Officer Jam Tibayan spearheaded the conduct of various activities that showcased Amadeo's pride including coffee farm tours, trade fairs and colorful street dance. Ms. Tibayan also thanked coffee advocate and Kape Isla Co-Chairperson Chit Juan, the DOT, DTI and the Department of Agriculture for their commitment and endeavors right from the very beginning of the PAHIMIS milestone.

Likewise, Ms. Tibayan thanked everyone who joined the trade fairs and parade especially Indang Municipal Councilor Ping Remulla who was present on behalf of Governor Boying Remulla.

The festival wouldn't be complete without the lively performance of street dancers in their coffee wearables. As such, LGU-Amadeo expressed appreciation to the cooperation of the academe, the teachers, parents and students of public and private schools in Amadeo who gave their best to the street dance competition.

Amadeo National High School topped the judges' score for the secondary category, being hailed Champion and also proudly took home the Best in Costume Award; while Loma Elementary School bagged the same awards for the primary level. The performances lifted up the festive mood sky-high, making visitors and coffee enthusiasts hope for more in the coming years of PAHIMIS. — **(PICAD)**

# Dagdag na 5000 megawatts sa suplay ng kuryente, target sa 2022

**LUNGSOD NG SAN JOSE DEL MONTE (PIA)** — Tiniyak ng Department of Energy o DOE na madadagdagan pa ng 5,000 megawatts ang suplay ng kuryente sa buong bansa pagsapit ng taong 2022.

Sa isang panayam sa kanyang kamakailang pagbisita sa lungsod ng San Jose del Monte, sinabi ni Energy Secretary Alfonso Cusi na magmumula ang dagdag na suplay sa mga inaasahang bagong coal at renewable power plants.

Sa Bulacan, natukoy ang pagtatayo ng isang solar power plant sa bayan ng San Ildefonso. Isa itong pamumuhunan ng Clean-Tech Global Renewables Inc. na magsusuplay ng karagdagang 30 megawatts. Target matapos ang proyekto sa loob ng taong ito habang katatapos lang gawin ang naunang 15 megawatts noong 2016.

May 86,400 na mga solar panels ang kasalukuyang inilalatag sa may 22.5 ektaryang lupa na kayang magsuplay ng kuryente sa mahigit 10,000 kabahayan.

Base naman sa listahan ng DOE ng mga nakalinya pang mga planta ng kuryente na itatayo, mayroon pang isang solar power plant na nakatakdang ilatag sa bayan ng San Miguel. Ito ay isang pamumuhunan ng Powersource First Bulacan Solar Inc. na magsusuplay ng karagdagang 50 megawatts.

Sa San Ildefonso at San Rafael, tig-421.2 megawatts na solar power plants ang ilalatag ng Solar Philippines Commercial Rooftop Projects Inc. habang sa lungsod ng San Jose Del Monte ay may 80 megawatts ang idadagdag na suplay ng kuryente sa solar power plant na ipupuhunan ng Manresa Power Corporation.

Nakatakda namang simulan ang konstruksyon sa Bocaue ng isang biomass power plant ng Hypergreen Energy Corporation. Gamit ang tutunawing mga ipa ng Palay, kayang lumikha ito ng 12 megawatts na kuryente. Target matapos ang proyekto sa Disyembre 2020.

Samantala, ikinagalak naman ni Cusi ang pagkakapasa sa parehong kapulungan ng Kongreso ng EVOSS o Energy Virtual One Shared System na magpapabilis sa pagpapaapruba ng mga proyektong planta ng kuryente sa bansa.

Sa kasalukuyan, umaabot sa 1,340 araw ang inaabot ng aplikasyon ng isang proyektong planta ng kuryente na nangangailangan pa ng 359 mga pirma mula sa 74 na mga ahensya ng pamahalaan.

Sa EVOSS na ihahain na upang mapirmahan ni Pangulong Rodrigo R. Duterte upang maging ganap na batas, gagawin nang isang proseso ang lahat ng rekisito at pagsasabay-sabayin ang paglalabas ng permit upang agad na maitayo ang mga planta. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

# Familiarize with ballots for May polls: Comelec tells voters

**MANILA** — The Commission on Elections (Comelec) on Tuesday asked voters to familiarize themselves on the official ballots to be used in the May 2019 midterm polls.

Poll body spokesperson James Jimenez said it is good for the electorate to look at the ballot face which can be viewed at their official website.

"We want the public to be able to see the ballots for themselves, ahead of time. This will allow them more opportunities to study their options and to familiarize themselves with the ballot itself," the poll body official added.

On Saturday, the Comelec posted the templates of the official ballots, which are divided into their respective regions, provinces, and towns/cities in its website.

Meanwhile, the poll body adjusted the timelines for the verification, certification, and posting of the Posted Computerized Voters List (PCVL).

Based on Comelec Resolution No. 10500, the new deadline for the Verification and Certification of the PCVL has been moved from February 7 to March 25.

Also, the Posting of the Certified PCVL was reset to March 29 from its original schedule on February 12.

"Due to the delay in the deployment of the continuous forms needed by the field offices in the printing of the PCVL, the following activities with corresponding timelines will be affected," the resolution added.

Under the Voter's Registration Act, PCVLs must be posted in the Offices of the Election Officer and in the bulletin board of each city/municipal hall 90 days before election day. ***(PNA)***

## BUHAY-KARERA



MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com


# 3 YEAR OLD LOCAL FILLIES & COLTS

Lalargahan ngayong buwan ng Pebrero ang 2019 PHILRACOM "3YO Local Fillies & Colts" Stakes Race sa Metro Manila Turf Club Inc. sa Malvar, Batangas.

Limang mananakbo ang inihanda sa 2019 PHILRACOM Triple Crown Series na magsisimula sa buwan ng Marso hanggang Hulyo.

Sa limang kalahok na maglalaban- laban pinapaboran ang Lakan Takhan na papatnubayan ng Class A na hinete na si Kevin Abobo, kasunod ang My Jopay na rerendahan ni Jockey C.P. Henson, Serafina ni M.B. Pilapil, Toy For The Big Boy na sasakyan ni Jockey Mark Alvarez at Turns Gold na rerendahan ni Jockey Jessie Bacaycay.

Ayon sa PHILRACOM ang nasabing karera ay tune-up sa mga kabayong kandidato sa darating na Triple Crown Series. Sa mga kalahok tanging ang Lakan Takhan ni horse owner Benjur Abalos Jr. at Turns Gold ni M.V Geron ang makikitang maglalaban sa unahan. Tatanggap ng P300,000 ang mananalong kalahok at mag- uuwi ng P112,500 ang sesegunda, maghihintay ang P62,500 sa 3rd placer at P25,000 na ang iuuwi ng 4th placer. Samantala, makakatanggap ng P15,000 ang horse owner bilang Breeder sa mananalong kabayo. Kasabay nito, pitong karera na PHILRACOM Rating Based Handicap System Race (PHILRACOM RBHS) habang dalawang Condition Race at 3YO Group Race.

Happy 1st birthday!
Miyuki "Michan" Suganuma Miranda
March 2, 2019

Love, Mama & Papa

Happy 88th birthday!





Remedios S. Macaraig
March 1, 2019
From: Annie, Maho, Masashi, Angelo & Ryann

# ANG PASASALAMAT NI CLAUDINE BARRETTO

**HINDI maipaliwanag ni Claudine Barretto ang kasiyahan para sa kanyang kapatid na si Gretchen.**

Si Claudine ay naratay sa St. Luke's Medical Center sa Bonifacio Global City kamakailan subalit hindi naman tinutkoy ng aktres ang dahilan.

Dito nakita ni Claudine ang pagiging thoughtful at pagke-care ng kanyang Ate Greta.

Habang naka-confine sa naturang ospital ay ipinamalas ni Greta ang concern at pag-aalala sa kanyang kapatid.

Pinadalhan si Claudine ng kanyang kapatid ng isang malaking unan.

Siyempre ay hindi rin nakalimot si Greta sa mga foods na ipinadala para kay Claudine.

How nice hindi po ba!

Sign na ito na totally peace na ang magkapatid at muling nagkakasundo.

Nasa six years na rin ang nakakaran nang may mamunong gusot o alitan sa dalawa.

Ngayong taon na ito ay namataan na magkasama sina Greta at Claudine.

Hindi naman talaga naiaalis na sa mga magkakapatid kung minsan ay hindi nagkakasundo at nangyayari ay nag-aaway pa.

Well, sana ay diretso na ito.

Happy for Claudine and Gretchen.

@@@

**SALUDO KAY ARNELL IGNACIO**

Kung bakit nagbitiw bilang deputy administrator ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA) ay tanging ang komedyanteng si Arnell Ignacio lamang ang nakakaalam.

Ang resignation letter ni Arnell ay isinumite kay OWWA Administrator Hans Cacdac, na walang ibinigay na pahayag ng dahilan ng pagbibitiw ng mahusay na komedyante.

Si Arnell ay itinalaga ni Pangulong Rodrigo Duterte bilang deputy executive director V ng OWWA noong Enero 23, 2018.

Marami ang humahanga kay Arnell at saludo sila para sa komedyante.

@@@

**BAKASYON MUNA SI RONNIE RICKETTS**

Nasa Japan si Ronnie Ricketts kasama ang kanyang pamilya para sa isang bakasyon.

Mabuti at pinayagan ng Sandiganbayan ang hiling ng aktor na dating chairman ng Optical Media Board (OMB).

Ngayong buwan nakatakda ang promulgation ni Ronnie sa kanyang kasong graft.

Ang motion to leave na inihain ni Ronnie ay para sa petsang March 1 hanggan 9.

Nadawit sa asunto si Ronnie noong 2010 dahil sa sinasabing pinaboran niya ang isang kompanya na dawit sa mga nakumpiska nilang pirated CDs at DVDs.

Maghari sana ang katotohanan, iyan ang dalangin natin para kay Ronnie.








# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 106 labas)

**"TALAGANG** ayoko, kung ako talaga ang tatanungin mo at susundin ay ayoko."

"Mas mainam na vice mayor lamang ang 'yung tatakbuhin at 'wag ka munang maghangad sa mas mataas."

Lalong nadagdagan ang sakit ng ulo ni Kardo nang kanyang pag-uwi ay napag-usapan na naman nilang mag-asawa ang tungkol sa darating na halalan.

Mas pinaninindigan talaga ni Inday na vice mayor lamang ang kailangang takbuhin ni Kardo.

Kung tutuusin naman talaga kung si Kardo lang ay kahit vice mayor lamang ang kanyang tatakbuhin.

Hindi naman naghahangad kaagad si Kardo ng mas mataas at makapangyarihang posisyon.

Isa sa mga dahilan lang naman talaga ng pagpasok ni Kardo sa pulitika ay ang tungkol sa relasyon nila ni Lyka.

Pero iba nga ang nais naman ni Lyka, mas itinutulak siyang ang takbuhin ay pagiging mayor.

Kaya paano ang kanyang gagawin, si Inday o si Lyka ba ang ang susundin niya?

"Uulitin ko lang sa 'yo Kardo, last term na ni mayor kaya pagkatapos 'nun eh 'saka ka na magbalak sa pagkamayor."

Ang nais ni Inday ay huwag ng sabayan ni Kardo ang kasalukuyang mayor.

Ang problema nga lamang, ang kasalukuyang alkalde ay hindi naman katiket o kapartido ni Kardo.

Hindi si Kardo ang magiging vice mayor ng kasalukuyang alkalde sa darating na eleksiyon.

Ang magiging vice mayor ng kasalukuyang mayor para kay Inday ay magagawang talunin ni Kardo.

Kaya naman ang hangad ni Inday para sa mister ay vice mayor lamang.

Naniniwala si Inday na si Kardo ay malaki ang posibilidad na matatalo kapag iginiit na mayor ang tatakbuhin.

Ilang araw na lamang at start na ng paghahain ng sertipikasyon para sa kandidatura.

"Basta Kardo ha, ang tatakbuhin mo ay mayor. Mayor…mayor…at 'di vice mayor."

Napasyal muli si Kardo kay Lyka at talagang mayor ang pinatatakbo sa kanya.

"Sumagot ka, ano Kardo? Naririnig mo ba ang sinasabi ko ha?"

**(Itutuloy)**

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-105 labas)

**"ANG** kinakailangang mahahanap mong babaing makakatuluyan ay 'yung labis kang maiintindihan."

"Iba 'yang propesyon mo Dagul, 'pag nakatagpo ka ng babae na mapagsamantala ay 'di mauunawaan ang 'yung prinsipyo."

Ipinapaliwanag ni Aling Tita ang mga posibilidad na mangyayari kapag mag-aasawa na si Dagul.

Kung si Dagul lamang ay batid at naniniwala si Aling Tita sa tunay na hangarin nito.

Papaano nga kung ibang klaseng babae ang makakatuluyan ni Dagul?

Maaaring maimpluwensiyahan si Dagul para magtamasa sa pera sa pamamagitan ng propesyon nito.

Ang mga lihis o walang kuwentang abogado ay madali para magkapera.

Pero hindi ganoong klase si Dagul at natutuwa nga si Aling Tita dahil wala itong balak na maging isang piskal at huwes.

Mas mapapadali ang pera kung si Dagul ay magiging isang judge o kahit piskal.

"Alam ba ninyong wala akong ibang hinahangad sa inyong tatlo kundi ang maging maayos kayo."

"Tahimik at simpleng pamumuhay na puno ng kasiyahan."

"Ang pera o kayaman ay palamuti lamang at 'di matutumbasan nito ang tunay na kaligayahan."

Kung si Aling Tita lamang ang masusunod para kay Dagul ay mas gugustuhin pa nitong mag-iba na lamang ito ng hanapbuhay.

Iyon nga lamang ay alam naman ni Aling Tita kung bakit kumuha ng abogasya si Dagul.

Kaya nga noon pa man ay hindi na niya naawat pa si Dagul bagkus ay kanya pang sinuportahan.

Naniniwala naman si Aling Tita na paninindigan ni Dagul ang prinsipyo nito.

Kaya naman pinapaulit-ulit ni Aling Tita na sana ay hindi magkakamali si Dagul sa makakatuluyan nito.

Natatakot si Aling Tita na mag-iba ng pananaw si Dagul sa trabaho at propesyon nito.

"Hayaan mo po auntie, 'di kita bibiguin at babaing makakaunawa sa akin ang hahanapin ko."

**(Sundan)**

# DOH ADMINISTERS MEASLES, POLIO VACCINES IN TAGAYTAY MALL

TAGAYTAY CITY — Hundreds of children were given measles and oral polio vaccines during the launch of a vaccination center in a mall here, the first in the city, on Sunday.

In a summary report from the Tagaytay City Health Office, some 741 children from the cities of Tagaytay (627), General Trias (1), Dasmariñas (3), Imus (3), Amadeo (33), Alfonso (8), Mendez (17), Silang (3) Pasong Langka (2), Bailen (7) and Indang (14), Manila (5), Pampanga (1), Batangas (12), Taguig (1), Antipolo (2), and Pasay (2) benefitted from the program held at the Corte Area of Ayala Malls, Serin, located at the Tagaytay-Nasugbu Highway, Silang Junction.

Department of Health (DOH) 4-A (Calabarzon) Director Eduardo Janairo urged parents, whose children have yet to receive immunization against measles, to visit the nearest vaccination post in their areas.

The city health office, led by Dr. Liza Fe Capupus, said they were aiming to immunize 500 children but went beyond the target.

Tagaytay City had only six reported measles cases and the city health office boasted of a "50 percent-vaccinated" accomplishment of its target to date.

Capupus said the program would help drumbeat the department's awareness drive and call to parents to have their children vaccinated.

The Regional Epidemiology and Surveillance Unit (RESU) reported a total of 3,425 measles cases with 83 deaths from January 1 to February 24 this year.

The province of Rizal posted the highest measles cases at 1,760 with 58 deaths, followed by Cavite with 501 cases and eight deaths; Laguna with 477 cases and nine deaths; Batangas with 363 cases and four deaths; and Quezon with 324 cases and four deaths.

Antipolo City in Rizal still holds the highest measles cases in the region with 720, followed by the City of Biñan in Laguna with 204 cases; the municipalities of Rodriguez, Taytay and San Mateo in Rizal province with 188, 180, and 161 cases, respectively.

The province of Cavite, by virtue of Sangguniang Panlalawigan (Provincial Legislative Council) Resolution No. 1165 passed on February 18, has recently declared state of calamity due to the measles outbreak.

The resolution also authorized the release of PHP5.9 million from the Local Disaster Risk Reduction and Management fund for the provision of drugs and medicines, medical supplies, and rice to address the cases.

Cavite's Bacoor City has the highest number of reported measles cases with 115, followed by Imus City with 74; Dasmariñas City, 62; General Trias City, 56; and Silang, 31.

The activity, dubbed "Knockout Tigdas! Supplemental Immunization Activity", is an initiative of the local government unit in response to Janairo's order for the setting up of vaccination centers in public areas, such as fast food chains, churches, bus terminals, schools during the comprehensive mass immunization campaign up to March 20 this year. *(Gladys Pino-PNA)*



Hawak-hawak ni Cong. Atong Asilo ang isang bola sa pag-uumpisa ng pabingo sa tatlong barangay sa Tondo, Manila. Dumalo sa pabingo ang tatlong tatakbong konsehal ng distrito 1 na sina Taga Fajardo, Noy Dumagat at Dionix Dionisio. **FREDDIE M. MANALAC**



Masayang nakikipag-usap si Mr. Obet Asilo na tatakbong Konsehal sa mga senior citizen na dumalo sa pabingo. **FREDDIE M. MANALAC**

## SC hikes coverage for small claims cases to P400-K

MANILA — The Supreme Court (SC) on Wednesday announced an increase in the amount covered in so-called small claims cases filed before the Metropolitan Trial Courts from PHP300,000 to PHP400,000, starting April 1.

In a statement, the SC said that the measure was made upon the recommendation of the Office of the Court Administrator to Associate Justice Diosdado M. Peralta, chairperson of the Special Committee on Small Claims Cases, which is aimed at improving the efficiency of money claims cases in the country.

In 2010, the Court authorized the implementation of the Rules of Procedure for Small Claims Cases in all first level courts nationwide for money claims of not more than PHP100,000. In 2015, the SC increased this to PHP200,000 and to PHP300,000 in 2018.

Peralta said this move by the Court "will result in the speedier and more efficient resolution of money claims cases, as well as help increase the country's score in the World Bank's Ease of Doing Business Report."

In the World Bank's 2019 Report, the Philippines ranked 124th out of 190 countries, dropping from its 2018 ranking of 113. This score is based on a number of indicators, one of which involves measuring the time and cost of resolving commercial disputes before the Metropolitan Trial Court in Quezon City for claims amounting to 200 percent of the Philippine's income per capita, or PHP337,331.

Under the Revised Rules of Procedure for Small Claims Cases, courts are mandated to resolve a case within 30 days from the day the statement of claim was filed.

Peralta added that "the increase is in accord with the four-point agenda of Chief Justice Lucas P. Bersamin for the judiciary, to make our rules more efficient, effective and responsive to the needs of the court users."

Department of Trade and Industry (DTI) Secretary Ramon M. Lopez also expressed optimism that "the move initiated by the Supreme Court will benefit small entrepreneurs using the court system and result in an increase in the country's ranking in the World Bank Ease of Doing Business survey." He thanked the Supreme Court for it strong support to Ease of Doing Business reforms.

The SC's swift action to increase the threshold for small claims in the Metropolitan Trial Courts in Metro Manila will significantly reduce the number of days for trial and judgment under the DB Enforcing Contracts indicator."

Lopez said this reform is one of the initiatives of the government to promote the Ease of Doing Business.

"The DTI is optimistic that the strong partnership between the Executive and Judicial branches of government will bring positive results. We look forward to working with the Supreme Court to improve the quality of judicial processes index, particularly in the area of court automation and case management," Lopez said in a separate statement. *(PNA)*

## ERRATUM

This is to correct the entry made in the Extra-Judicial Sale of Luisito Espanto read as **SPS. LUISITO AMARILLE ESPANTO and JANILYN DE SAGUN ESPANTO** but should be read as **SPS. LUISITO AMARILLE ESPANTO and JANILYN DE SAGUN ESPANTO (as Atty.-in-Fact)**. Also A parcel of land (Lot 44, Block 37 of the subd.plan **Psd 0042108-076214** but should be read as **Psd 042108-076214**.

Publication: **HANEP** March 4, 2019

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# CAVITE SEEKS EXEMPTION OF MEASLES FUND FROM POLL BAN

CALAMBA CITY, Laguna — Cavite Gov. Jesus Crispin Remulla is seeking exemption from the Commission on Elections (Comelec) restrictions during the election period so that local government units (LGUs) could source out additional funds to address the measles outbreak in the province.

Remulla, chair of the Calabarzon Regional Peace and Order Council (RPOC), presided over the first RPOC Peace and Development Summit on Tuesday, which tackled various peace and security concerns of the region at the NEDA-4A RDC Conference Hall in Barangay Milagrosa here.

Calabarzon is composed of the provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon.

Remulla said the provincial government has brought up the matter to the Department of Health (DOH) in view of its declaration of state of calamity due to the increasing measles cases in the province.

"Para yung state of emergency (in the province) ma-exemptnaman kami sa kinikilos na kailangan naming gawin dahil may mga pinagbabawal dahil sa election ban (Just like the state of emergency, we want to be exempted to let us act on what to be done because there are things that are prohibited by the election ban)," Remulla said.

He disclosed that they have already released some PHP3 million under the calamity fund, which is earmarked to entice parents to bring along their children to be vaccinated.

"Ang problema ko yung pagtitipon namin ng Barangay Health Workers (BHW), mga 6,000 na iipunin mo. Maraming gastos ang gobyerno, eh wala kaming budget para doon (The problem is the meeting with Barangay Health Workers, we need to gather around 6,000. The government has many expenses, we don't have a budget for that)," he said, stressing the need for exemption to disburse funds.

Remulla said they have already requested the DOH for the inter-agency intervention measures and support activities as the measles outbreak is an emergency situation.

He said Cavite is a densely populated province and failure to contain around 85 percent of the population may spread the disease further.

He also expressed optimism that the Comelec is reasonable enough to grant the DOH request for exemption from the ban.

Cavite has declared a state of calamity by virtue of Sangguniang Panlalawigan (Provincial Legislative Council) Resolution No. 1165, which was passed last February 18.

Upon his approval of the provincial resolution, Remulla has convened an emergency meeting to discuss the plan of action following the DOH declaration of a measles outbreak in the Calabarzon, which tops the highest number of measles cases so far.

The Provincial Health Office in Cavite has already formed a Measles Outbreak Team to ensure that all emergency protocols and necessary interventions and response are implemented.

The Cavite legislative body has authorized the governor to release PHP5.904 million from the 5 percent Local Disaster Risk Reduction and Management fund for the provision of drugs and medicines, medical supplies and rice to address the cases.

Meanwhile, Dr. Paula Paz Sychiongco, DOH-Calabarzon assistant regional director, said the number of measles cases in the region continues to rise at 3,425, with 83 reported deaths as of February 26. *(Saul Pa-a-PNA)*



Cavite Governor Jesus Crispin Remulla (center) has sought exemption from the Commission on Elections on disbursement of additional funds to address the continuing measles outbreak in his province, during the press conference at the NEDA RDC Conference Hall, Barangay Milagrosa in Columba City on Feb. 26, 2019. *(Photo by Saul E. Pa-a)*




Public Transport Modernization Summit at the Bulwagan ng Liga ng Barangay with Vicenta Lazaro, Senior Cooperative Development Specialist, CCDO delivering the welcome remarks. The summit will have discussions of the PUV modernization program as well as the accreditation process.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**& EX-OFICIO SHERIFF**
**IMUS, CAVITE**

**EAST WEST BANKING CORPORATION**
Mortgagee/Assignee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

**F.C.CASE NO. 16379-18**

**LIZA MAE A. MALIXI,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**AMENDED NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **EAST WEST BANKING CORPORATION**, Mortgagee/Assignee, with principal place of business at The Beaufort 5th Ave., cor 23rd St. Bonifacio Global City, Taguig City against **LIZA MAE A. MALIXI,** mortgagor with residence and postal address at Lot 10, Blk.6, Rd Lot 6 cor Rd Lot 8, Treelane 2, Ph 2-B Bayan Luma 3, Imus, Cavite and/or 418 B Francisco St., Brgy. New Zaniga, Mandaluyong City to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2018 amounts to **ONE MILLION FOUR HUNDRED EIGHT THOUSAND FOUR HUNDRED NINETY ONE PESOS & 75/100 (Php 1,408,491.75)**, Philippine Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on **April 2, 2019** at 10 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for **CASH** and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2016020450**

"A parcel of land (Lot 10, Blk.6 of the subd. plan, Psd-04-130632, being a portion of the cons. of Lot 1325, Imus Estate Rs-04-001050 L R C Rec. No.), situated in the Brgy. of Bayan Luma, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the N., along line 1-2 by Lot 8, Blk.6, on the NE., along line 2-3-4 by Rd. Lot 8., on the SW., along line 4-5 by Rd Lot 6; on the NW., along line 5-1 by Lot 9, Blk.6, all of the cons. subd. plan x x x containing an area of **ONE HUNDRED THIRTY NINE (139) SQUARE METERS" x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **September 25, 2018** at 10 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines,February 21, 2019

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) **REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**EAST WEST BANKING CORP.**
The Beaufort, 5th Ave cor 23rd St.,
Fort Bonifacio Global City
Taguig City

**LIZA MAE A. MALIXI**
Lot 10, Blk.6, Rd Lot 6 cor Rd Lot 8, Treelane 2,
Ph 2-B Bayan Luma 3, Imus, Cavite

418 B Francisco St., Brgy New Zaniga, Mandaluyong City

**Publication: HANEP** March 4, 11 and 19, 2019

# HANEP
Basahin Mo Ito!

## CALL CENTER AGENT, ARESTADO

**INARESTO ng Cavite police ang isang 35-anyos na call center agent nang i-hostage nito ang kanyang live-in partner sa Dasmarinas City, Cavite.**

Nakakulong sa Dasmarinas City Custodial Center ang suspek na si Michael Gonzales, at ng Block 6 Lot 17 Acacia Homes Brgy. Burol 3, Dasmarinas City.

Sa report ni PO3 Rolando Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, nakatanggap ng tawag ang kanilang taggapan hinggil sa umano'y pambubukahaw ng suspek dakong alas-3:30 ng madaling araw sa Acacia Homes Subd. ng naturang barangay.

Nagsagawa ng responde ang Dasmarinas City police sa lugar kung saan naabutan nila ang suspek na armado ng steering wheel steel lock habang hawak ang kanyang live-in partner at sinabihan ang mga pulis na umalis sila kundi papatayin niya ang babae.

Tinangkang kausapin ng mga pulis sa pamumuno nina PO2 Alsharif Gadjalijaini at PO1 Sherwin Glen Marges ang suspek subalit tumanggi at nanlaban ito hanggang sa tuluyang na-kontrol siya ng pulisya na nagresulta sa kanyang pagkaaaresto.

Narekober mula sa suspek ang hawak niyang steering wheel steel lock.

Kasong Alam and Scandal, Resisting arrest in relation to RA 9262 ang isinampa laban sa suspek. **GENE ADSUARA**

## Estudyante, hinoldap sa loob ng baby bus

TIMBOG ng Cavite police ang isang 21-anyos na driver at dispatcher ng isang pampasaherong baby bus habang pinaghahanap ang isang babaeng kasamahan nila matapos na holdapin ang isang estudyante habang nakasakay sa Bacoor City, Cavite.

Hawak ng Bacoor City police ang suspek na si Christian Aganap, may live-in partner, ng Sitio Caibuyo, Tanza; at Delgie Soriano, alias Benjie, 22, dispatcher, at ng Brgy. Postema, Sahud Ulan, Tanza.

Pinaghahanap naman ang isang Cristina Catigan , 21, dispatcher/barker, at ng Ibayo, Silangan, Naic.

Kinilala naman ang biktima na si Jusminne Punzalan, 19, 1st year student, at ng Block 7 Lot 6 Aljebra, San Roque, Naic.

Sa reklamo ni Punzalan kay PO1 Edilberto Reyes, Jr., ng Bacoor City Police Station, dakong 7:30 ng umaga nang sumakay siya patungo sa eskuwelahan sa Bacoor City sa nasabing baby bus na minamaneho ni Aganap.

Pagsapit sa Tirona Highway, Brgy. Dulong Bayan, Bacoor City, nang nagdeklara ng holdap si Alias Benjie, na nagpanggap na pasahero, tinutukan ng patalim at tinangay ang IPhone 6+ cellphone , isang calculator at wallet na naglalaman ng P300 cash ng biktima.

Matapos ang insidente ay bumaba ang suspek gayundin ang biktima at naglakad ito patungo sa isang kilalang mall.

Gayunman, pagdating sa nasabing mall nang nakita niya ang suspek na sumakay ulit sa nasabing baby kaya kinutuban na magkakilala ang mga ito dahilan upang humingi ng tulong sa ilang tricycle driver at hinabol ang nasabing sasakyan subalit tanging ang driver na lamang ang kanilang naresto matapos na nakababa si Soriano.

Gayunman, sa isinagawang follow up operation ng Bacoor City police ay naaresto si Soriano.

Ang baby bus ay may rutang Naic – Zapote at vice versa.

Ayon kay Reyes, nabuking ang dalawa na magkasama sa trabaho at umaming magkakutsaba at kaya umano sila nagholdap matapos na matalo sa sugal na fruit games, gayunman, hindi na rin narekober ang cellphone. GENE ADSUARA

## 2 Rider patay, 2 pa sugatan sa aksidente

**PATAY** ang dalawang motorcycle rider nang rumampa at araruhin ng kanilang minamanehong motorsiklo ang center island ng kalsada habang sugatan ang dalawang magkaangkas sa isa pang motorsiklo at nagtamo ng pinsala ang isang van na kanilang nakabanggan sa Bacoor City, Cavite.

Dead on the spot ang driver ng motorsiklong Suzuki R150 na si Ferdinand Morales, 30, may-asawa, heavy equipment mechanic ng Camarino Drive Brgy. Buho, Silang; habang namatay sa Metro South Medical Center ang angkas nitong si Dimmy John Ampuan, 27, binata, helper mechanic at residente ng Block 165 Lot 20 Central Bicutan, Taguig City.

Ginamot naman sa nasabing ospital dahil sa tinamong sugat ang driver ng isang Yamaha Mio na motorsiklo (2716-SG) na si Jeff Cajiles, 21, estudyante, at ng 37 Vicar Village, NBP Reservation, Brgy Poblacion, Muntinlupa City; at angkas nitong si Alprince Seguin, 22, housekeeping, at ng 70 Kappi Ville Brgy. Poblacion, Muntinlupa City.

Nagtamo naman ng pinsala ang minamanehong Mitsubishi L300 van (DTR 289) ni Johnson Conclara, 26, ng 2562 Pagkakaisa St., Timog, Brgy CAA, Las Pinas City.

Sa ulat ni SPO2 Feliciano Garcia II, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-12:48 ng hatinggabi nang naganap ang insidente kung saan minamaneho ni Cajiles ang kanyang Yamaha Mio na motorsiklo at angkas nito si Seguin habang isang kulay puting Mitsubishi L300 van (DTR 289) naman ang minamaneho ni Conclara na kapwa binabagtas ang kahabaan ng Daang Hari Road sa East direction patungo sa Las Pinas City sa middle lane.

Minamaneho naman ni Morales ang kanyang Suzuki R150 na motorsiklo at angkas si Ampuan habang binabagtas ang inner lane ng nasabing lugar nang pagsapit sa harapan ng All Home Mall sa Brgy. Molino 4, Bacoor City nang lumihis siya sa kanang direksiyon dahilan upang rumampa ang kanyang minamanehong motorsiklo sa center island at sakupin ang opposite lane at dahil sa mabilis umanong pagmamaneho ay tumilapon ito na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Diretso pa rin ang motorsiklo ng mga biktima kung saan nabangga pa nila ang paparating na motorisklo ni Cajiles at ang van ni Conclara.

Pawang dinala sa Metro South Medical Center sina Ampuan, Cajiles at Seguin subalit idineklarang patay ang una dakong 1:35 ng madaing araw. **GENE ADSUARA**



**BULAGTA** ang dalawang preso na nakaposas pa na sina Apolonio Flores at Prince Patrick Cortez sa kahabaan ng Lacson Ave. matapos paputukan ng 3 riding in tandem ang police mobile car na maghahatid sana sa kanila pabalik ng Stn.4, Balik-Balik, Sampaloc, Maynila. (**Christian Heramis)**

# KALIBRE

ROMY SANTOS

0977-7844136



## Wala tayo sa posisyon upang manghusga

ANG panukalang batas na may kinalaman sa pamamalo para sa pagdidisiplina sa mga bata ay ibinasura ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Layunin sana ng Senate Bill No. 1477 at House Bill No. 8239 na kilalang 'An Act Promoting Positive and Nonviolent Discipline, Protecting Children from Physical, Humiliating or Degrading Acts as a Form of Punishment and Appropriating Funds Therefore' ay ang pagbabawal sa corporal punishment o ang pagdidisiplina ng mga magulang sa mga bata sa pamamaraang pamamalo.

Gayundin ang ano mang uri ng physical force o ibang pamamaraan na layong maliitin o hiyain ang mga bata.

Ang dahilan ng pag-veto ni Duterte sa 'Anti-Palo Bill' ay hindi kasi nito nais pakialaman o panghimasukan ang iba't ibang sistema ng mga magulang sa pagdidiplina sa mga anak nila.

Tama naman, may kanya-kanyang paraan ang bawat magulang kung paano didisiplinahin ang kanilang mga anak.

Mas matindi o mabagsik ang istilo ng pagdidisiplina noong araw.

Lalo na ang mga tatay na ibang klase talagang magdisiplina pero ang mga nanay ay medyo mild lamang.

Hindi lamang basta panghahataw ng sinturon o ano mang klaseng pamalo ang ginagawa ng ilang ama.

Nariyang paluluhurin sa asin o monggo, nakaluhod na nakaunat ang magkabilang kamay subalit may nakapatong na mga libro, kulong sa madilim na bahagi ng bahay o sa kuwarto, at iba pang parusa.

Kung kayo po ang tatanungin, ang dati o noon na uri ng pagdidisiplina ay epektibo ba?

Maaaring epektibo dahil kitang-kita naman kung gaano kadisiplina ang mga bata.

Iyon bang sinasabing sa tingin pa lamang ng magulang lalo na ni tatay ay tiklop o takot na ang bata.

Dahil disiplinado kaya ang mga bata ay hindi maaaring sumabat o makihalo kapag may mga matatandang nag-uusap.

Pagkatapos naman ng kanilang pamamaraan ng pagdidisiplina ay masinsinan nilang kinakausap ang anak nila.

Ipinapaliwanag kung bakit nila pinapalo, pinaparusahan at dinidisiplina ang kanilang mga anak.

Ang nanay ang higit na kumakausap at nagpapaliwanag sa mga bata.

Ang dati o noon ay hindi na marahil mababalik pa bilang pamamaraan ng pagdidisiplina.

Hindi naman lahat subalit mas nakakarami ang tila walang takot sa kanilang magulang sa ngayon.

Kahit pa halos magkalatay-latay na ang katawan ng ibang bata ay wala pa ring pagbabago.

Sa ngayon, bakit mas maraming bata ang lumalaking suwail o matigas ang ulo?

Kanino ba ang diprensiya o pagkukulang, sa mga bata ba mismo o sa mismong magulang; kay tatay o nanay ba?

Maraming mabilis manghusga, kapag nalamang ang isang bata ay lumalaking sutil ay sinasabing hindi marunong magpalaki ang magulang.

Bawat isa sa atin ay wala sa posisyon upang tayo ay manghusga hinggil sa ganitong bagay.

Masuwerte lamang ang mga magulang na ang kanilang anak o mga anak ay lumalaki o lumaking mabait, masunurin at may disiplina.

Sa inyo mga bata, sundin at mahalin ninyo ang inyong mga magulang.